Australian Government

# Mga Proteksyon para sa mga Manggagawang Migrante

Binabayaran ako ng aking amo ng mas maliit kaysa sa mga ibang kaparehong trabaho dito – dahil ako ay isang migrante.

Hindi! May **maaari** kang magawa.
Una, **hindi kayang makansela ng mga amo ang mga visa.**

Maliban dito, ang ginagawa ng amo ay tinatawag na pagsasamantala sa trabaho (workplace exploitation). At sa Australia, ito ay labag sa batas! Maaari siyang magmulta ng maraming pera o ikukulong.

Ang mga batas sa trabaho sa mga bagay na katulad ng pasahod ay magkakapareho para sa lahat ng mga manggagawa – mga manggagawang migrante at mga Australyano. At kung masama ang pagtrato sa iyo ng isang amo dahil ikaw ay nasa isang visa, iyan ay pagsasamantala.

Ang pagsamsam sa passport ng isang manggagawa ay pagsasamantala rin. Kung magbibigay ang isang amo ng akomodasyon bilang bahagi ng trabaho, mayroon ding mga batas na dapat nilang sundin para sa mga bagay na kagaya ng sobrang dami ng tao at kaligtasan.




Ang pagpapatrabaho ng napakaraming oras – lalo na kung walang pamamahinga – maaari ding pagsasamantala iyan.

May mga patakaran na dapat sundin ng mga amo. Kahit na kaw ay mula sa ibang bansa. Ang iyong amo ay **hindi maaaring** samantalahin ka o magbanta na ikansela ang iyong visa.

Ako ay may isang kaibigan sa ibang negosyo na palaging hinahawakan ng kanyang amo at nagsasabi na hindi siya komportable dahil dito. Ano naman ang tungkol doon?

Maaari mo siyang isumbong. Upang makatulong sa isang posibleng imbestigasyon, siguraduhin na ibigay ang pangalan ng iyong amo at idetalye kung paano ka sinasamantala. Makakatulong din ang pagbibigay ng iyong pangalan, **ngunit maaari mong piliin na hindi ibigay**.

Kahit saang industriya ka nagtatrabaho, hindi maaaring gamitin ng iyong amo ang sitwasyon ng iyong visa upang samantalahin ka.
May mga tao ka ring puwedeng puntahan para sa suporta.

I-scan ang QR code para sa karagdagang impormasyon.

homeaffairs.gov.au/migrant-worker-protections